## Mga kuro-kuro at haka-haka:

**mali:** Maaaring maipon ang regla sa loob ng katawan ng isang babaeng gumagamit ng Depo.

**TAMA:** Inaasahan ang hindi pagkakaroon ng regla sa mga babaeng gumagamit ng Depo. Pinipigilan nito ang paglabas ng hinog na itlog mula sa matris at ang pangangapal ng sapin ng matris. Dahil dito, napipigilan ang pagbubuntis ng babae at ang pagregla niya. Nababawasan pa ang posibilidad na magkaroon ng anemia ang babae dahil sa sobrang daloy ng regla.

**mali:** Ang paggamit ng Depo ay maaaring mauwi sa abortion.

**TAMA:** Pinipigilan ng Depo ang paglabas ng hinog na itlog mula sa obaryo at pinipigilan din nito ang pagsanib ng itlog at ng punlay. Dahil sa Depo, hindi kumakapal ang sapin ng matris. Hindi mabubuntis ang babae sa ganitong paraan. Kapag buntis ang babae at gumagamit ng Depo, lalo pang kumakapit ang sanggol sa sinapupunan ng ina.

**mali:** Hindi na maaaring mabuntis ang babaeng gumagamit ng Depo.

**TAMA:** Ang kakayahang mabuntis muli ng babaeng gumagamit ng Depo ay maaaring bumalik sa loob ng 3-9 buwan pagkatapos itigil ang paggamit nito. Ngunit hindi nababaog ang babae dahil sa paggamit ng Depo.

Para sa karagdagang kaalaman o counseling tungkol sa family planning, sumangguni sa pinakamalapit na health center; o bumisita sa:

Itong babasahin ay nabuo ng PATH Foundation Philippines at ng mga I-POPCORM NGOs sa tulong ng The David and Lucile Packard Foundation.

i-popcorm

# DMPA

## depo-medroxy progesterone acetate





## Ano ang DMPA?

Ang DMPA ay isang uri ng pagpaplano ng pamilya na ibinibigay ng midwife, duktor o nars sa pamamagitan ng pagturok. Ito ay:

- ✓ mabisa;
- ✓ madali at maginhawang gamitin;
- ✓ nagbibigay ng 3 buwang proteksyon sa pagbubuntis sa bawa't dosage.

Tatlong buwan ang bisa ng bawa't dosage ng Depo-Provera at ang iskedyul ng pagpapa-DEPO ay tuwing makalipas ang 3 buwan.

## Mga magandang katangian:

- ✓ hindi permanente
- ✓ tumatagal ang bisa ng 3 buwan
- ✓ maaaring gamitin ng nagpapasusong ina; hindi nababawasan ang dami ng gatas ng ina
- ✓ hinahadlangan ang posibilidad na magkaroon ng kanser sa sapin sa matris
- ✓ pinipigilan ang pagkaroon ng anemia
- ✓ hindi sagabal sa pakikipag-sex

## Iba pang mga dapat malaman:

- kinakailangan ang pagturok tuwing 3 buwan ng isang duktor, nurse o midwife
- hindi nagbibigay ng proteksyon laban sa STD at HIV/AIDS

*(Ang babasahing ito ay sadyang ginawa para sa mga nais makaiwas sa di-planadong pagbubuntis.)*

## Paano napipigil ng DMPA ang pagdadalantao?

May tatlong paraan kung paano napipigil ang pagdadalantao.

**UNA:** Kapag may Depo, hindi kumakapal ang sapin ng matris. Ang sapin ng matris ay karaniwang kumakapal upang paghandaan ang pagkapal ng binhi. Sa Depo, napipigilan ang pagkapal ng sapin ng matris upang hindi makakapit ang binhi.

**PANGALAWA:** Nakakalampas ang semilya ng lalaki kapag malabnaw ang cervical mucus. Sa Depo, kumakapal ang cervical mucus na sumasagabal sa pagpasok ng semilya.

**PANGATLO:** Karaniwan, naglalabas ang obaryo ng itlog buwan-buwan. Sa Depo, napipigilan ang paglabas ng itlog mula sa obaryo. Kung walang itlog, hindi maaaring magbuntis.

## Ano ang mga posibleng side-effects ng DMPA?

Huwag mabahala kapag maranasan ang alinman sa mga side-effects tulad ng:

- pagkahilo;
- pananakit ng ulo;
- malakas na regla;
- tuluyang pagkawala ng regla, o;
- mahinang pagreregla o spotting.

Maaaring nangyayari din ang pagdagdag ng timbang o di kaya'y pangangayayat.

Ang mga posibleng side-effects na ito ay panandalian at kadalasang mararanasan lamang sa unang buwan ng paggamit nito.